JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Husaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 5:
## Mahalin, Pasalamatan Dakilang Lumikha



Pangala ng Mag-aaral: ____________________________

Baitang at Seksyon: ____________________________

Paaralan: ____________________________________



## Alamin

Naniniwala ka ba na lahat ng mga bagay na tinatamasa natin dito sa mundo ay likha at biyaya ng Diyos?

Lahat ng mga bagay na nakikita natin sa paligid tulad ng mga bundok, dagat, kagubatan, kalupaan at iba pa ay gawa at likha ng ating Poong Maykapal. Mga biyayang nagbibigay sa atin ng kabuhayan. Nararapat lamang na ating itong pangalalagaan at ingatan.

Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal at pagpapasalamat sa Diyos?

Sa modyul na ito ay matututunan mo ang mga paraan ng pagpapakita ng pagpapasalamat sa Diyos bilang sukli sa mga biyayang kaloob niya na patuloy nating tinatamasa.

Kasanayan sa Pampagkatuto:

- Natutukoy ang mga paraan ng pagapakita ng pagpapasalamat sa Diyos.
  **EsP5PD- IVe-i - 15**



## Subukin

**Panuto**: Basahin ang pangungusap at tukuyin kung ang pahayag ay paraan ng pagpapakita ng pagpapasalamat. Bilugan ang titk ng tamang sagot.

1. Ano ang nararapat na gawin pagkagising sa umaga?
   A. Iligpit ang gamit na kumot.
   B. Magdasal at magpasalamat.
   C. Magmadaling pumunta sa banyo.
   D. Kunin ang cellphone at mag chat.

2. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pagpapasalamat sa Diyos?
   A. Nagdarasal bago kumain.
   B. Naghugas ng kamay bago kumain.
   C. Nanonood ng telebisyon habang kumakain.
   D. Nagdedebate habang kumakain.

3. Ang mga sumusunod ay mga paraan na nagpapakita ng pagbibigay pasasalamat sa Diyos <u>MALIBAN</u> sa isa.
   A. Pagsisimba sa araw ng Linggo.
   B. Pangangalaga sa mga likas na yaman.
   C. Pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan.
   D. Pakikipag-away sa taong nakagawa ng mali.

4. Masayang-masaya si Ana nang nakatanggap siya ng mensahe na siya ay nakapasa sa pagsusulit ng abogasya. Alin sa mga sumusunod ang dapat niyang gawin?
   A. Mag-aalay ng panalangin bilang pasasalamat.
   B. Maghanda ng isang magarbong pagtitipon.
   C. Ipamamalita sa buong barangay na siya ay nakapasa.
   D. Ipopost sa facebook ang nakuhang marka.

5. Sa anong mga pangyayari sa ating buhay dapat nating pasalamatan ang Diyos?
   A. Masasayang okasyon
   B. Mabubuting pangyayari
   C. Malulungkot na pangyayari
   D. Sa lahat ng pagkakataon

MODYUL 5

# Mahalin, Pasalamatan Dakilang Lumikha



## Balikan

Sa nakaraang aralin ay natutunan mo ang pagpapakita ng tunay na pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nangangailangan.

Sagutin mo ang sumunod na gawain.

**GAWAIN 1**: **Tama ba Ako?**

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang pahayag ay totoo at **MALI** kung hindi.

_________1. Ang tunay na pagtulong sa kapwa ay dapat bukal sa kalooban.

_________2. Mag-abot ng tulong sa mga taong nasalanta ng bagyo o kalamidad.

_________3. Ang mga pulubi ay hindi dapat bigyan ng anumang tulong.

_________4. Tutulong lamang sa mga taong magkapagbigay ng kapalit.

_________5. Ang pagtulong sa kapwa ay nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit.



## Tuklasin

Tingnan ang larawan at basahin ang maikling kuwento na nasa kahon. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.



**Pagmamahal at Pagpapasalamat**
By: Ma. Lilia E. Fernandez

Mapagmahal ang mag-asawang sina Mang Pedring at Aling Ines sa kanilang dalawang anak na lalaki. Lumaking magalang, masunurin at may takot sa Diyos ang kanilang mga anak. Kahit na mga lalaki ay marunong silang gumawa ng mga gawaing bahay tulad ng paglilinis, paglalaba at pagluluto. Labis na ikinatuwa at pinagpapasalamat nila sa Diyos na nagkaroon sila ng mabubuting anak.

Sama-sama ang mag-anak tuwing Linggo sa pagsisimba at sa pagdarasal gabi-gabi. Nasanay din silang mag-alay ng dasal bago kumain. Pinapatibay ng panalangin at pananampalataya sa Diyos ang kanilang samahan sa kabila ng kanilang kahirapan. Hindi sila kailanman nakakalimot na magpuri at magpasalamat sa Panginoon sa lahat ng biyayang natanggap.

Bagamat mahirap lamang sa buhay ay nagawa pa rin nilang tulungan ang mga lumalapit sa kanila ng bukal sa kalooban. Marami sa kanilang mga kapitbahay ang humahanga sa kanilang kabaitan. Naging huwarang pamilya sa pamayanan ang pamilya nina Mang Pedring at Aling Ines.

1. Anong uring magulang sina Mang Pedring at Aling Ines?

______________________________________________________________

2. Paano inilarawan ang kanilang dalawang anak na lalaki?

______________________________________________________________

3. Ano ang naramdaman ng mag-asawa dahil nabiyayaan sila ng mabubuting anak?

______________________________________________________________

4. Sa paanong paraan ipinakikita ng pamilya ang kanilang pasasalamat sa Diyos?

______________________________________________________________

5. Bakit naging huwarang pamilya sa pamayanan ang pamilya nina Mang Pedring at Aling Ines?

______________________________________________________________



## Suriin

Nararapat bang sa tuwi-tuwina ay pasalamatan at purihin ang Diyos? Bakit karapatdapat na purihin at pasalamatan ang Panginoon sa lahat ng pagkakataon? Sa ano at paanong paraan mo maipapakita ang iyong pananampalataya at pagpapasalamat sa Diyos?

Bawat isa sa atin ay naniniwala na lahat ng bagay dito sa mundo maging ang ating buhay ay biyayang kaloob sa atin ng Diyos. Siya ang may likha at nagbigay sa lahat ng mga tinatamasa nating biyaya. Karapatdapat lamang na mahalin siya ng higit sa ating buhay, sambahin at pasalamatan sa lahat ng mga pangyayari sa ating buhay maging mabuti man ito o masama.

Iilan sa mga paraan ng pagpapakita ng pagpapasalamat at pananampalataya sa Diyos ay ang mga sumusunod:

- Pagmamahal sa Diyos higit sa anumang bagay
- Pananampalataya sa Diyos
- Pagsisimba sa araw ng pagsamba
- Pagmamahal sa kapwa tao
- Pag-iingat sa ibinigay na buhay
- Pagtulong sa mga nangangailangan ng bukal sa kalooban
- Paggalang sa paniniwala ng iba
- Pangangalaga sa kapaligiran
- Paggawa nang mabuti sa kapwa




## Pagyamanin

**GAWAIN 2: Buuin Mo Ako!**

**Panuto**: Buuin ang concept map. Hanapin sa ibaba ang angkop na pariralang ilalagay sa kah

Pagbibigay ng tulong
Pagmamahal at pagpupuri sa Diyos
Pagpuputol ng mga puno
Pagsisimba at pananalangin
Pagiging mabuti sa kapwa
Pagagalitan ang mga pulubi
Pangangalaga sa mga likas na yaman





# Isaisip

**GAWAIN 3: Paraan ko, Tukuyin mo!**

Panuto: Lagyan ng ***Oo*** ang patlang kung ito ay tamang paraan ng pagpapakita ng pasasalamat sa Diyos at ***Hindi*** kung hindi tama.

______1. Nagsisimba ako sa araw ng pagsamba.
______2. Bilang isang iskawt ako ay laging handang tumulong.
______3. Hindi ko binibigyang pansin ang mga pulubi.
______4. Pinupuri ko ang Diyos at minamahal ko ang aking kapwa.
______5. Tinatapon ko ang mga tira at sobrang pagkain.



# Isagawa

**GAWAIN 4: Dasal ko, Alay Pasasalamat!**
**Panuto**: Gumawa ng isang dasal pasasalamat sa Panginoon.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Rubrik sa Pagmamarka

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| Nilalaman | Naipahayag nang malinaw at wasto ang ideyang nais ipaabot | Naipahayag ang ideyang nais ipaabot ngunit di masyadong malinaw | Hindi malinaw ang ideya. |
| Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat at pagkaksunod-sunod ng ideya.<br><br>Mahusay at wasto/angkop ang paggamit ng mga salita at mga bantas. | Maayos ang pagkakasulat at pagkakasunod-sunod ng ideya.<br><br>Gumamit ng mga angkop na mga salita at mga bantas. | Hindi naisusulat nang maayos at pakakasunod-sunod ang ideya.<br><br>Hindi wasto/angkop ang salitang ginamit at mga bantas. |



## Tayahin

**Panuto**: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa patlang.

________1. Aling paraan ng pagpapasalamat ang maari mong gawin sa panahon ng kalaminad na siguradong kalulugdan ng Diyos?

A. Pagtulong sa mga biktima ng kalamidad.
B. Pagkulong sa loob ng bahay at isalba ang sarili.
C. Pag-ayos at pagkumpuni sa nasirang bubong.
D. Pagpo post sa facebook sa epekto ng kalamidad.

________2. Sa anong paraan mapapalalim ang ating pananampalataya sa Diyos?

A. Pagbibigay ng pagkain
B. Pagmamahal sa kaaway
C. Pagsunod sa utos ng magulang
D. Pagsamba at paniniwala sa Diyos

_________3. Ang mga sumusunod ay mga dahilan kung bakit karapat-dapat na mahalin, puruhin at pasalamatan ang Diyos **MALIBAN** sa isa.

A. Siya ang nagbigay sa atin ng buhay at mga biyaya.
B. Siya ang maylikha sa lahat ng bagay dito sa mundo.
C. Tinubos niya ang kasalanan ng sanlibutan.
D. Hindi niya tinutugon ang mga dasal ng nakararami.

_________4. Nagkaroon ng camping ang grupo ng Girl Scouts sa kanilang paaralan, anong gawain ang maaari nilang gawin upang maipakita nila ang kanilang pagmamahal at pagpapasalamat sa Diyos?

A. Paglalaro ng “tug of war”
B. Pagtatanim ng puno sa bakanteng lote
C. Pagsasanay sa paggawa ng songs at yells
D. Paggapang sa putikan at paglambitin sa lubid

_________5. Bilang isang bata, sa ano at paanong paraan mo mapapasalamatan ang Panginoong Diyos?

A. Sa pagiging isang masunuring anak.
B. Sa pagsunod ng aking mga kagustuhan.
C. Sa paglalaro ng mga on line games
D. Sa pakikipag-away ng mga batang bully.



## Karagdagang Gawain

**Panuto**: Sumulat ng isang talata tungkol sa isang karanasan na labis mong pinasasalamatan ang Diyos.

Rubrik sa Pagmamarka

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| Nilalaman | Naipahayag ng malinaw at wasto ang ideyang nais ipaabot | Naipahayag ang ideyang nais ipaabot ngunit di masyadong malinaw | Hindi malinaw ang ideya. |
| Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat at pagkaksunod-sunod ng ideya.<br><br>Mahusay at wasto/angkop ang paggamit ng mga salita at mga bantas. | Maayos ang pagkakasulat at pagkakasunod-sunod ng ideya.<br><br>Gumamit ng mga angkop na mga salita at mga bantas. | Hindi naisusulat nang maayos at pakakasunod-sunod ang ideya.<br><br>Hindi wasto/angkop ang salitang ginamit at mga bantas. |

## Sanggunian

Peralta, Gloria A. EdD at Zenaida R. Ylarde. Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon. Quezon Ciy: Vibal Group Inc. 20

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **MA. LILIA E. FERNANDEZ**
MT-I
KABASALAN CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL
KABASALAN DISTRICT
ZAMBOANGA SIBUGAY DIVISION

Editor: Randolf O. Morada
Maricris T. Pantollana
Lovely E. Dolorosa

Tagasuri: Maricel L. Tercio
Arniel H. Ancheta

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*